



Republic of the Philippines  
Province of Oriental Mindoro  
**MUNICIPALITY OF ROXAS**

**OFFICE OF THE SANGGUNIAN BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-1 ESPEYAL NA PAGPUPULONG NG IKA-9 NA SANGGUNIAN BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 24 ABRIL 2019, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN

Mga Dumalo:

|                                |                                                            |
|--------------------------------|------------------------------------------------------------|
| Vice Mayor Cesar T. Baticos    | - Tagapangulo                                              |
| Konsehal David D. De La Cruz   |                                                            |
| Konsehal Juanito A. Bacay, Jr. |                                                            |
| Konsehal John John S. Yason    |                                                            |
| Konsehal Agustin L. Cusi       |                                                            |
| Konsehal Ruel S. Taytay        |                                                            |
| Konsehal Eduardo K. Soriano    |                                                            |
| Konsehal Gualberto V. Magno    |                                                            |
| Konsehal Celso M. Dimapilis    | - Pangulo, Liga ng mga Barangay                            |
| Konsehal Elmira May V. Tarac   | - Pangulo, Pambayang Pederasyon<br>ng Sangguniang Kahataan |

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 075


Taong 2019


KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIAN BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, G. ANGELES "ANGGE" DELGADO BAUTISTA.

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang taong iginagalang at minamahal sa mahabang panahon ng kanyang buhay ay malabis na dinaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKAT, si Konsehal Angeles Delgado Bautista ay naitalagang isang Kagawad ng Sangguniang Bayan noong Agosto, 1986 hanggang Nobyembre, 1987 at sa kanyang hangaring malibang sa kanyang mga kababayan ang mga naisin at lunggatiin para sa pag-unlad ng bayan ng Roxas ay pumalaot sa larangan ng pulitika kung saan dahil sa kanyang kabutihan ay nahalal bilang Konsehal ng bayan ito noong Pebrero 1988 - Hunyo, 1992; Hulyo 1, 1992 - Hunyo 30, 1995; Hulyo 1, 1995 - Hunyo 30, 1998; Hulyo 1, 1998 - Hunyo 30, 2001; Hulyo 1, 2001 - Hunyo 30, 2004 at muling nahalal noong July 1, 2007 - June 30, 2010 at bilang Consultant on Economic Development sa Pamilihang Bayan noong July 1, 2017 hanggang June 30, 2018;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan ipinakita niya ang pagmamahal sa tungkulin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamamayan, pagdinig at pag-unawa sa mga

  
CESAR T. BATICOS

  
FERDINAND V. TALENS, MPA

pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at maliwasay na pamumuhay;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng kanyang pagiging aktihong miyembro ng Sangguniang Bayan noong panahong siya ay naglilingkod naging mapagbanlay siya sa kaban ng bayan, ipinaglaban ang karapatan ng mga kawani ng Pamahalaang Bayan at isinulong na maitaas ang kalagayan sa pananalapi ng lokal na Pamahalaang Bayan ng Roxas:

SAPAGKAT, isa siya sa mga itinuturing na konsehal na madaling lapitan sa oras ng pangangailangan ng mga kapus-palad nating kababayan. Isang sinserong lingkod-bayan, maalalahanin, maasikaso at higit sa lahat mapagmahal sa kanyang kapwa at kapamilya;

SAPAGKAT, sa kanyang mga kasabay sa gawain, sa kanyang komunidad at sa mga taong pinaglilingkuran, si Konsehal Angge ay naging mabuting kasamahan at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa naiwang pamilya at mga kaanak sa pagpanaw ng isang naging lingkod-bayan, G. Angeles Delgado Bautista.


DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga naullila ng pumanaw na dating Konsehal ng Bayan ng Roxas, G. Angeles "Angge" Delgado Bautista ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan, ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Nelia Evangelista Bautista at mga anak lakip ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati.

PINAGTIBAY: 24 Abril 2019

PINATITUNAYANG WASTO:

  
**FERDINAND V. TALENS, MPA**  
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

**CESAR T. BATICOS**  
Pangalawang Punong Bayan

meru/012119